

County ng Santa Clara

Departamento ng Pangkalusugan

Opisyal ng Pangkalusugan
976 Lenzen Avenue, 2nd Floor
San José, CA 95126
408.792.5040



MANDATORYANG DIREKTIBA PARA SA MGA PAARALAN

*** Pakikumpirma na ang inyong pasilidad ay maaaring magbukas sa ilalim ng Kautusan ng Estado. Kung may pagkakaiba sa pagitan ng lokal na Kautusan ng County at ng Kautusan ng Estado, dapat na sundin ang mas mahigpit na kautusan. Mayroon ding partikular na patnubay ang Estado para sa ilang mga pasilidad na dapat sundin bilang karagdagan sa mandatoryang direktiba na ito.***

Ang impormasyon tungkol sa Kautusan ng Estado at patnubay ng Estado ay makikita sa [covid19.ca.gov](https://www.covid19.ca.gov).

Inilabas: Hulyo 17, 2020; Binago: Septyembre 8, 2020

Noong Hulyo 17, 2020, inutusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado na isara ang lahat ng mga personal na pagtuturo sa mga paaralan sa mga county na nasa listahan ng pagsubaybay ng Estado (kabilang ang Santa Clara County), maliban sa mga mababang paaralan na nakakuha ng waiver mula sa lokal na opisyal ng pangkalusugan. Noong Agosto 25, 2020, naglabas ang Estado ng karagdagang patnubay na nagpapahintulot sa mga paaralan na magdala ng mga maliit na pangkat ng mga estudyante sa kampus para pangasiwaan, sa limitadong pagtuturo, sa napiling mga serbisyong pangsuporta, at sa pagpapadali ng distance learning. Noong Agosto 28, 2020, ang Estado ay naglabas ng isang bagong balangkas para sa mga paghihigpit sa ilang mga aktibidad, kabilang ang mga personal na operasyon sa mga paaralan. Tingnan ang Plano ng Estado para sa Mas Ligtas na Ekonomiya sa: <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/COVID19CountyMonitoringOverview.aspx>. Sa ilalim ng bagong balangkas na ito, ang mga paaralan sa mga county na nasa Antas 1 ay mananatiling sarado, maliban sa mga mababang paaralan na nakakuha ng isang waiver mula sa lokal na opisyal ng pangkalusugan. Kapag pumasok ang isang county sa Antas 2, ang lahat ng mga paaralan sa county na iyon ay maaaring magpatuloy ng personal na pagtuturo pagkalipas ng 14 na araw.

Ang Direktibang ito ay nagdaragdag sa mga kinakailangan ng Estado para sa mga paaralan at naglalarawan sa proseso para sa mga paaralan na magpatuloy ng personal na pagtuturo sa Santa Clara County.

Mandatoryang Direktiba para sa mga Paaralan (Inilabas noong Hulyo 17, 2020; binago noong Septyembre 8, 2020)

Pahina 1 ng 5

Lupon ng mga Superbisor: Mike Wasserman, Cindy Chavez, Dave Cortese, Susan Ellenberg, S. Joseph Simitian
Ehekutibo ng County: Jeffrey V. Smith

Kabilang sa "mga paaralan" ang lahat ng pampubliko, pribado, at charter na mga paaralan para sa transitional kindergarten hanggang grade 12. Ang Direktibang ito ay hindi nalalapat sa mga kolehiyo ng komunidad, unibersidad, pasilidad sa pangangalaga ng bata, o preschool. Ang pangangalaga ng bata, summer camp, preschool at mga aktibidad ng mga bata ay napapailalim sa isang [hiwalay na direktiba](#). Ang Direktibang ito ay nagdaragdag at dapat na basahin kasabay ng mga kinakailangan at rekomendasyon ng Opisyal ng Pangkalusugan para sa mga paaralan sa [COVID-19 Prepared: Muling Pagbubukas ng mga Paaralang K-12 sa Santa Clara County para sa Taon ng Pag-aaral 2020-2021](#).

Ang Direktibang ito ay dapat sundin, at ang kabiguan sa pagsunod nito ay paglabag sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan na inilabas noong Hulyo 2, 2020 ("Kautusan"). Dapat sumunod ang mga paaralan sa Kautusan at lahat ng mga kinakailangan ng Direktibang ito.¹ Bilang karagdagan, ang mga paaralan ay dapat sumunod sa mga kinakailangan ng Opisyal ng Pangkalusugan para sa mga paaralan na nakasaad sa [COVID-19 Prepared: Muling Pagbubukas ng mga Paaralang K-12 ng Santa Clara County para sa Taon ng Pag-aaral 2020-2021](#) maliban kung pinalitan ng Direktibang ito at/o ng mandatoryang patnubay ng Estado.

Pagpapatuloy ng Personal na Pagtuturo

Sa ilalim ng patnubay ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California (CDPH), ang mga paaralan ay maaaring hindi magbukas para sa personal na pagtuturo hanggang ang Santa Clara County ay wala na sa Antas 1 (Purple na Antas) ng balangkas ng "Plano" ng Estado sa loob ng 14 na araw. Sa oras na iyon, ang lahat ng mga paaralan ay maaaring magpatuloy ng lahat na personal na pagtuturo, at kapag nagbibigay ng personal na pagtuturo, dapat nilang gawin ito na naaayon sa mga kinakailangan na inilabas ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan: [COVID-19 Prepared: Ang Muling Pagbubukas ng mga Paaralang K-12 ng Santa Clara County para sa Taon ng Pag-aaral 2020-2021](#) at lahat ng naaangkop na mga kinakailangan ng Estado.

Mga Maliit na Pangkat para sa Limitadong Pagtuturo, Mga Napiling mga Serbisyong Pagsuporta, at Pagpapadali ng Distance learning Para sa Mga Paaralang Hindi pa Nakagpatuloy ng Personal na Pagtuturo

Sa mga county na nasa Antas 1 kung saan mananatiling sarado ang mga paaralan, pinapayagan ng [Patnubay ng CDPH](#) ang mga paaralan (at ibang mga programa) na magbigay ng "limitadong pagtuturo, napiling mga serbisyong pagsuporta, at tulong sa pagpapadali ng distance learning sa mga maliit na grupo para sa isang partikular na hanay ng mga bata at kabataan." Ang mga paaralan na nagbibigay ng limitadong pagtuturo, napiling mga serbisyong pagsuporta, at paraan upang mapapadali ng distance learning ay dapat sumunod sa lahat ng mga kinakailangan sa

¹Bilang karagdagan sa mga probisyon na nakasulat sa Kautusan, ang Direktibang ito ay nalalapat sa lahat ng mga pampublikong paaralan sa loob ng County ng Santa Clara alinsunod sa seksyong 120175.5(b) ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan

[COVID-19 Prepared: Muling Pagbubukas ng mga Paaralang K-12 ng Santa Clara County para sa Taon ng Pag-aaral 2020-2021](#). Inuudyok din ang mga paaralan na gumamit ng maraming rekomendasyon na maaari nilang ipatupad na mula sa [COVID-19 Prepared: Muling Pagbubukas ng mga Paaralang K-12 ng Santa Clara County para sa Taon ng Pag-aaral 2020-2021](#).

Mariing hinihimok ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County ang mga paaralan na ibigay ang mga serbisyong ito sa maliit at matatag na mga pangkat alinsunod sa patnubay ng CDPH at ang mga kinakailangan na inilabas ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan sa [COVID-19 Prepared: Muling Pagbubukas ng mga Paaralang K-12 ng Santa Clara County para sa Taon ng Pag-aaral 2020-2021](#).

Ang rekomendasyong ito ay batay sa mga pangangailangan ng mga populasyon ng estudyante na tinutukan ng patnubay ng CDPH at ang kahirapan na matugunan ang sapat na pang-edukasyon, kalusugan, at iba pang mga pangangailangan ng mga estudyante na ito sa distance learning. Kabilang sa populasyong ito, halimbawa, ang mga estudyanteng may mga kapansanan, mga nag-aaral ng wikang Ingles, mga estudyanteng walang access sa Internet o mga kagamitan para sa distance learning, mga estudyanteng nasa mas mataas na panganib ng mas lalong pagkawala ng natutunan o hindi nakikilahok sa distance learning, mga estudyanteng nanganganib sa abuso o kapabayaang, foster youth, at mga estudyanteng nakakaranas ng kawalan ng tirahan. Ang mga ganitong estudyante ay malamang na hindi maka-access nang pang-edukasyon at iba pang mga serbisyo na kailangan nila sa labas ng paaralan at mas lalong may mataas na panganib sa pang-edukasyon, kalusugan, at iba pang mga pinsala kung hindi sila nabibigyan ng personal na pagtuturo, napiling mga serbisyong pangsuporta, at/o tulong sa pagpapadali ng kanilang distance learning sa paaralan.

Mga Waiver para sa mga Mababang Paaralan

Kahit sa pagsasara ng mga paaralan sa mga county na nasa Antas 1, ang [patnubay ng CDPH](#) ay nagbibigay din ng isang daan sa kabuuan, personal na pagtuturo sa mga mababang paaralan sa mga county na nananatili sa Antas 1:

Ang isang waiver sa pamantayang ito [iniutos ang distance learning] ay maaaring ibigay ng lokal na opisyal ng pangkalusugan sa mga mababang paaralan upang makapagbukas para sa personal na pagtuturo. Ang isang waiver ay maaari lamang ibigay kung ang ito ay hiniling ng superintendente (o katumbas nito para sa mga charter o pribadong paaralan), sa pagkonsulta sa mga organisasyon ng manggagawa, magulang at komunidad. Dapat suriin ng mga lokal na opisyal ng pangkalusugan ang datang epidemiyolohikal ng lokal na komunidad, isaalang-alang ang iba pang mga interbensyon sa kalusugan ng publiko, at kumunsulta sa CDPH kapag isinasaalang-alang ang kahilingan para sa isang waiver.

Habang nananatili ang County sa Antas 1, mariing hinihimok ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County ang mga mababang paaralan na sundin ang prosesong ito upang ligtas nila mapatuloy ang personal na pagtuturo ngayong taglagas.

Ang rekomendasyong ito ay batay sa kasalukuyang pinakamahasag na siyentipikong ebidensya, kabilang ang mga panganib na nauugnay sa COVID sa mga paaralan na naglilingkod sa mga estudyanteng may edad na pang-elementarya ay mas mababa kaysa sa at naiiba mula sa mga panganib sa mga kawani at estudyante na nasa mga paaralan na naglilingkod sa mga mas nakatatandang estudyante. Partikular na lumilitaw na may mas mababang panganib ang bata-sa-bata o bata-sa-matanda na pagkalat para sa mga bata na wala pang 12 taong gulang, at ang panganib ng impeksyon at malubhang sakit sa mga bata sa elementarya ay partikular na mababa. Sa pagkukumpara, ang mga panganib na nauugnay sa kalusugan para sa mga batang may edad na pang-elementarya na hindi nabigyan ng personal na pagtuturo ay makabuluhan, kabilang na ang mas mababang bilang ng pagpapabakuna, mas mataas na bilang ng hindi nakikitang abuso at kapabayaang sa bata, at panganib sa kapakanang panlipunan/pandamdamin.

Bukod dito, ang personal na pagtuturo ay may pang-akademiya at panlipunang halaga para sa mga nakababatang estudyante, alinsunod sa mga pamantayan ng Estado. Ang mga estudyante mula sa mababang panlipunan at pang-ekonomiyang estado sa buhay ay partikular na napipinsala dahil sa kakulangan sa access sa personal na pagtuturo. Ang mga paaralan na naglilingkod sa mga estudyante sa elementarya ay nasa mas mabuting posisyon upang mailagay ang mga epektibong estratehiya sa pagbabawas ng panganib para maprotektahan ang mga guro at estudyante, kabilang ang paglikha ng maliit at matatag na mga pangkat sa silid-aralan. Bilang karagdagan, ang mga estudyante sa elementarya na walang access sa personal na paaralan ay mas malamang nangangailangan ng mga alternatibong group childcare arrangement kapag ang mga paaralan ay sarado kaysa sa mga nakatatandang estudyante, at dahil dito, ang pagsasara ng mga mababang paaralan ay malamang mas lalong hindi makapagpabawas ng pagkalat.

Alinsunod dito, ang mga superintendente at ang kanilang mga katumbas sa mga pribadong paaralan at charter na paaralan ay hinihikayat na humiling ng waiver mula sa Pamublikong Pangkalusugan para sa fulltime o hybrid na personal na pagtuturo sa antas ng elementarya tulad ng mga sumusunod:

1. Makipag-ugnay sa Pangkat ng mga Paaralan sa Emergency Operations Center ng County sa schools@eoc.sccgov.org at humiling na simulan ang proseso ng waiver.
2. Ang inyong distrito/paaralan ay bibigyan ng isang liaison upang suriin ang inyong plano sa muling pagbubukas, kabilang ang pagkakaayon nito sa mga naunang kinakailangan mula sa Pamublikong Pangkalusugan na inilabas sa [COVID-19 Prepared: Muling Pagbubukas ng mga Paaralang K-12 ng Santa Clara County para sa Taon ng Pag-aaral 2020-2021](#) at impormasyon hinggil sa konsultasyon sa mga kaukulang stakeholder, kabilang ang mga organisasyon ng manggagawa at magulang at komunidad.
3. Ibinibigay ang isang waiver na nagpapahintulot sa personal na pagtuturo sa pamamagitan ng sulat pagkatapos suriin ng Pamublikong Pangkalusugan, kabilang ang pagsusuri ng datang epidemiyolohikal ng lokal na komunidad, pagsasaalang-alang sa iba pang mga interbensyon sa pamublikong pangkalusugan, at konsultasyon sa CDPH.

Manatiling may Kaalaman

Para sa mga sagot sa madalas na mga katanungan tungkol sa industriya na ito at iba pang mga paksa, pakitingnan ang [pahina ng FAQ](#). **Pakitandaan na ang Direktibang ito ay maaaring ma-update.** Para sa kasalukuyang impormasyon sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan, bisitahin ang website ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County sa www.sccgov.org/coronavirus.

Pakipadala ng mga partikular na katanungan na may kaugnayan sa mga operasyon ng paaralan sa schools@eoc.sccgov.org.

Mga Karagdagang Mapagkukunan

Para sa karagdagang impormasyon at mapagkukunan para sa mga paaralan, pakitingnan ang:

- [COVID-19 Prepared: Muling Pagbubukas ng mga Paaralang K-12 ng Santa Clara County para sa Taon ng Pag-aaral 2020-2021](#) (Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng Santa Clara County)
- [Mas Malakas kung Magkasama: Pagbalik ng operasyon at Muling Pagbubukas ng mga Paaralan sa Santa Clara County](#) (Opisina ng Edukasyon ng Santa Clara County)
- [COVID-19 at Balangkas ng Muling Pagbubukas ng Personal na Pagkatuto para sa mga K-12 na Paaralan sa California, Taon ng Pag-aaral 2020-2021](#) (Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng California)
- [Patnubay sa Industriya sa COVID-19: Mga Paaralan at mga Programang Batay sa Paaralan](#) (Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng California)
- [Patnubay para sa Maliit na mga Pangkat/Mga Grupo ng mga Bata at Kabataan](#) (Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng California)
- [Pagbibigay ng Napiling, Espesyal na Suporta at mga Serbisyo sa Paaralan](#) (Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng California)
- [COVID-19 at ang Proseso ng Waiver ng Muling Pagbubukas ng Personal na Pagkatuto sa Edukasyong Pang-elementarya](#) (Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng California)
- [Mga Madalas Itanong \(FAQs\) sa Patnubay sa mga Paaralan](#) (Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng California)